ANG

# BAGONG HUKBONG BAYAN

SERYENG PADEPA

2005

# Ang
# BAGONG HUKBONG BAYAN

*"Kung walang hukbong bayan, wala ni anuman ang mamamayan. Ipapailalim lamang sila sa pang-aapi at pagsasamantala na walang pag-asa na lumikha ng kanilang sariling kapangyarihang pampulitika at kamtin ang pambansa at panlipunang paglaya mula sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo."*

– Mao Zedong

## Balangkas:

1. Ano ang Bagong Hukbong Bayan?
2. Bakit absolutong pinamumunuan ng Partido ang BHB?
3. Ano ang pagkakaiba ng BHB sa Armed Forces of the Philippines (AFP)?
4. Ano ang kaibahan ng BHB sa HMB at sa iba pang kontrarebolusyonaryong hukbong itinayo ng mga rebisyunistang taksil?
5. Bakit sa saligan ang BHB ay isang hukbong magsasaka?
6. Paano itinatag ang BHB? Paano ito nakapagpalakas sa harap ng matinding panunupil ng imperyalismong US at papet na estado?
7. Anu-ano ang mga batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB?
8. Ano ang katangian ng disiplinang pinaiiral sa loob ng BHB?
9. Ano ang demokrasya sa tatlong larangan?
10. Sino ang maaaring maging Pulang mandirigma at paano sumapi sa BHB?
11. Ano ang pangunahing tungkulin ng BHB sa kasalukuyan? Paano tinitiyak ng BHB ang wasto at matagumpay na pagsusulong nito?
12. Ano ang milisyang bayan?

### *1. Ano ang Bagong Hukbong Bayan?*

Ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay ang rebolusyonaryong hukbo ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong US, malalaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay lubusang naglilingkod sa demokratikong interes ng bayan. Ito'y nagtatanggol sa sambayanan laban sa masasamang pwersa ng pang-aapi at pagsasamantala at laging nagsisikap na tulungan ang masang Pilipino sa lahat ng paraan sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.

Ang BHB ang pangunahing kasangkapan ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng sambayanang Pilipino sa pagrerebolusyon. Ito ang prinsipal na organisasyong pinamamatnugutan ng PKP sa paglulunsad ng pangunahing anyo ng pakikibaka, ang sandatahang pakikibaka sa balangkas ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Sa pangunahin ang BHB ay pwersang panlaban at kaalinsabay ay pwersa sa pagpopropaganda, pag-oorganisa sa masa at produksyon.

Ang BHB ay pangunahing umaasa sa sarili para sa kabuhayan at lohistika nito at tumutulong sa masang anakpawis na maiangat ang kabuhayan nito.

### *2. Bakit absolutong pinamumunuan ng Partido ang BHB?*

Nasa absolutong pamumuno ng Partido ang BHB upang matiyak na ang "Partido ang namumuno sa baril at hindi ang baril ang namumuno sa Partido," matiyak ang pangingibabaw ng pulitika at maiwasan ang adbenturismong militar o kolaborasyunismo. Kung wala ito, hindi magiging mabisang sandata ang BHB laban sa mapagsamantala at mapang-aping mga uri, lalaganap ang maling mga kaisipan at pagkilos sa loob ng hukbong bayan at sa gayo'y hihina at magkakawatak-watak ito at madaling magagapi ng kaaway.

Gayundin, ang absolutong pamumuno ng Partido sa BHB ang nagtitiyak na ito ay magiging isang makapangyarihang haligi ng rebolusyonaryong lakas at kapangyarihan ng mamamayan, hindi lamang

sa yugto ng demokratikong rebolusyong bayan kundi hanggang sa susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

### *3. Ano ang pagkakaiba ng BHB sa Armed Forces of the Philippines (AFP)?*

Ang BHB ay isang rebolusyonaryong hukbo na naglilingkod sa sambayanan, samantalang ang AFP naman (kasama na ang pulisya at mga pwersang paramilitar) ay isang hukbong naglilingkod sa mga naghaharing uri. Ang AFP ay reaksyunaryo, papet, pasista at bulok sa kaibuturan.

Reaksyunaryo ang AFP sapagkat hinahadlangan nito ang mga rebolusyonaryong adhikain ng sambayanang Pilpino. Papet, sapagkat sunud-sunuran ito sa mga utos, kapritso at ganid na interes ng mga amo nito—ang imperyalistang US at ng lokal na mga naghaharing uri.

Pasista, sapagkat lubhang mahaba na ang rekord ng AFP sa pagsupil sa mga demokratikong mithiin at rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Hindi na mabilang ang kinasasangkutan nitong pamamaslang, masaker, pananalbeyds, pambobomba, panununog, pandarambong, maramihang pagpapalikas, panggagahasa sa kababaihan at iba pang krimen laban sa mamamayan.

Bulok at tiwali sa kaibuturan ang AFP sapagkat napakahaba na rin ng kasaysayan ng pagkakasangkot nito sa mga kabulukan at katiwalian ng reaksyunaryong estado at pamahalaan. Ang pangungurakot sa napakalaking pondo ng departamento sa depensa, pangingikil sa pamamagitan ng mga tsekpoynt, pagsangkot sa mga iligal na pagtotroso, pasugal, droga, kidnap-for-ransom at marami pang ibang gawi ng mga sindikatong kriminal ay karaniwan na't hindi bago sa rekord ng AFP at mga suplementaryong pwersa nito.

Sa esensya, ang AFP ay naglilingkod sa mga naghaharing uri at nagtatanggol sa malakolonyal at malapyudal na sistema. Ito ay mersenaryong hukbo ng reaksyunaryong estado at ginagamit sa panunupil at pandarahas sa mamamayan at pagtatanggol sa interes ng mga reaksyunaryong uri. Sa kabilang banda ang BHB ay taos-pusong naglilingkod sa pagkakamit ng tunay na kalayaan at demokrasya ng

sambayanan at binubuo ng mga mandirigmang kusa at mulat na sumapi dito para isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa gayon, ang BHB ay isang ganap na bago at rebolusyonaryo kung ihahambing sa AFP na isang luma at nabubulok na reaksyunaryong hukbo.

### *4. Ano ang kaibahan ng BHB sa HMB at sa iba pang kontrarebolusyonaryong hukbong itinayo ng mga rebisyunistang taksil?*

Saligang naiiba rin ang BHB sa mga nagpapanggap na hukbong bayan tulad ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB), Revolutionary Proletarian Army – Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB), Rebolusyonaryong Hukbong Bayan (RHB) at Cordillera People's Liberation Army (CPLA) na itinayo ng mga rebisyunistang taksil sa rebolusyon.

Ang BHB ay matatag na nagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan at mahigpit na nakaugat sa masa. Ang mga huwad na hukbong bayan ng mga rebisyunistang taksil ay maliliit na bandidong pangkat na ginagamit ng estado para sa mga kontrarebolusyong pakana, pangguguIo at panlilinlang sa masa at para sa mga kriminal na aktibidad.

### *5. Bakit sa saligan ang BHB ay isang hukbong magsasaka?*

Nagmumula sa uring magsasaka ang pinakamaraming mandirigma ng BHB. Umaalinsunod ito sa obhetibong kondisyon na ang pinakamalaking bahagi ng ating populasyon ay binubuo ng masang magsasaka at rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa katuturang ito, ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa esensya ay isang digmang magsasaka na pinamumunuan ng uring manggagawa. Sa pagsusulong ng DRB sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, napupukaw, naoorganisa at napapakilos ang pinakamaraming bilang ng uring magsasaka para sa armadong pakikibaka.

Sa kanayunan, ang BHB ay masigasig na gumagawa at nakikibaka upang baguhin ang mga di-maunlad na nayon tungo sa pagiging pinakamauunlad na muog sa pulitika, militar, ekonomya at kultura ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Upang matupad ang dakilang tungkuling ito, tinatanganan ng BHB ang rebolusyonaryong makauring linyang antipyudal sa kanayunan. Pangunahing umaasa ito sa masa ng maralitang magsasaka, manggagawang bukid at mababang panggitnang magsasaka, kinakabig ang mga panggitnang magsasaka, ninyunyutralisa ang mayamang magsasaka upang ihiwalay ang mga sagadsarin at despotikong panginoong maylupa.

***6. Paano itinatag ang BHB? Paano ito nakapagpalakas sa harap ng matinding panunupil ng imperyalismong US at papet na estado?***

Itinayo ng Partido Komunista ng Pilipinas ang BHB noong Marso 29, 1969 sa ilalim ng teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) matapos itakwil ang rebisyunismo at oportunismo ng mga lideratong Lava at Taruc ng lumang pinagsanib na partido (PKP-PSP) at ng bandidong pangkating Taruc-Sumulong ng HMB. Ang BHB ay bunga ng unang dakilang kilusang pagwawasto at pagpuna-sa-sarili na inilunsad ng muling tatag na Partido.

Ang pagtalima at pagtangan ng Partido at hukbo sa MLM bilang teoretikong gabay sa pagsusulong ng DRB ay maituturing na siyang pinakamaningning at pinakamalaking tagumpay sa ideolohiya.

Sa pamamagitan naman ng puspusan at masusing gawaing pampulitika sa hanay ng mga mamamayan at sa mahigpit na pagtalima sa prinsipyo ng paglilingkod sa sambayanan at linyang masa, higit na napalapit sa masa ang hukbong bayan at nakapag-ugat sa kanila. Tinatangkilik nila ang BHB bilang sarili nilang hukbo at bilang tanging hukbong maaasahan nilang kaagapay sa paglutas ng kanilang mga saligang suliranin.

Puspusang nagpunyagi ang BHB sa armadong pakikibaka at pagbubuo't pagpapalakas sa sarili. Nakapagpalawak ito sa iba't ibang dako ng bayan, nakapagtayo ng mga bagong sona at larangang gerilya, nakapagbuo ng di hamak na daming organisasyong masa sa hanay ng mga magsasaka at ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa ilang piling lugar sa kanayunan, nakapaglunsad ng rebolusyong agraryo sa papalawak at papalalim na baseng masa, at

nakapaglunsad ng marami at sunud-sunod na taktikal na opensiba laban sa mga pwersang militar, pulisya at paramilitar ng kaaway na siyang pangunahing pinagkukunan nito ng armas. Nagawa rin nitong labanan at biguin ang sunud-sunod na mga kampanya at operasyong kontra-rebolusyonaryo na inilunsad ng kaaway mula sa panahon ng pasistang diktadurang US-Marcos at sa mga sumunod pang rehimen hanggang sa kasalukuyan.

Sa larangan ng organisasyon, nakapagparami ang BHB ng mga tauhan mula sa pinakamabubuting anak ng bayan sa hanay ng masang magsasaka, manggagawa, petiburgesya at iba pang sektor ng lipunan. Mula sa 60 tauhan at siyam na mataas na kalibreng baril, nakapagpalaki ito ng mga pormasyon tungo sa antas platun at kumpanya.

Noong dekada 80 dumanas ang BHB ng malaking pinsala at pag-atras dahil sa pagtataguyod ng maling linya ng di napapanahong pagpapalaki ng pormasyon ng hukbo, adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod.

Iwinasto ng Partido ang paglihis at pagkakamaling ito, at pinamunuan ang paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto mula 1992 hanggang 1998. Muling nailagay sa tamang landas ang BHB at muling nakapagpalakas ayon sa linya ng DRB at matagalang digmang bayan.

Sa kasalukuyan, nagkakamit ng malalaki at makabuluhang tagumpay ang BHB sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa ng rebolusyon. Patuloy itong naglulunsad ng mga pag-aaral at pagsasanay pampulitika at pangmilitar upang tuluy-tuloy na makapagpalakas para maging higit na kapakipakinabang at epektibong instrumento ng Partido at sambayanan sa pagdurog sa mga kaaway ng bayan.

### *7. Anu-ano ang mga batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB?*

Tatlong batayang prinsipyo ang gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB: pagkakaisa ng mga upisyal at kawal, pagkakaisa ng hukbong

bayan at mamamayan, at paglansag sa tropa ng kaaway at mahusay na pagtrato sa mga bihag.

Ang **pagkakaisa ng mga upisyal at kawal** ay nangangahulugan ng pagpawi sa mga paraang pyudal sa loob ng hukbo, pagbabawal sa pambubugbog at pang-aabuso, pagpapalakas sa mulat na disiplina at pagsasalo sa hirap at ginhawa. Dahil dito, ang buong hukbong bayan ay mahigpit na nagkakaisa.

Ang prinsipyo ng **pagkakaisa ng hukbong bayan at mamamayan** ay nangangahulugan ng taos-pusong paglilingkod sa masa. Mahigpit na ipinapatupad ng BHB ang disiplinang nagbabawal sa pinakamaliit na paglabag sa kapakanan ng mamamayan. Ipinapatupad din ng BHB ang masigasig na pagpopropaganda sa hanay ng masa, pag-oorganisa't pag-aarmas sa kanila, pagtataguyod at pagsusulong sa kanilang mga pakikibakang masa, pagpapagaan sa kanilang pasanin sa kabuhayan sa iba't ibang paraan kabilang na ang gawaing produksyon, at pagsugpo sa mga traydor at taksil na namiminsala sa hukbo at mamamayan. Dahil dito, ang hukbong bayan ay mahigpit na kaisa at malugod na tinatanggap ng mamamayan.

Ang ikatlong prinsipyo ng **paglansag ng tropa ng kaaway at makataong pagtrato sa mga bihag** ay naglalayong papanghinain ang determinasyong lumaban ng kaaway.

Ang mga tagumpay ng hukbong bayan ay nakasalalay di lang sa mga operasyong militar kundi gayundin sa mahigpit na pagkakaisang panloob, masinop na gawaing masa at paglansag sa tropa ng kaaway.

### *8. Ano ang katangian ng disiplinang pinaiiral sa loob ng BHB?*

Ang disiplina ng mga pinuno at mandirigma ng BHB ay isang mulat na disiplinang ginagabayan ng MLM, ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng pang-organisasyong prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Alinsunod sa disiplinang ito, ang mga pinuno at mandirigma ay kusang-loob na nag-aalay ng kanilang sarili at buhay para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa patnubay ng Partido Komunista

ng Pilipinas. Ito ang sandigang kamulatan sa pagpapatupad ng disiplina sa organisasyon at prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Sa organisasyon, nangangahulugan ang disiplina ng hukbong bayan na: ang indibidwal ay nakapailalim sa buong hukbo, ang minorya ay nakapailalim sa mayorya, ang nakabababang antas ay nakapailalim sa nakatataas na antas, at ang lahat ng kasapi ay nakapailalim sa Komisyong Militar ng Komite Sentral ng Partido. Ang mga kumander ay may karapatang magdesisyon sa mga kalagayang gipit.

Ang mga pinuno at kawal ng BHB ay may mahigpit na tungkuling sundin ang Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina at Walong Puntong Dapat Tandaan na isinaad ni Kasamang Mao Zedong, at laging handang maglingkod sa sambayanan bukod sa kanilang mga tungkulin sa labanan.

Ang **Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina** ay:

1. Sundin ang utos sa lahat ng pagkilos.
2. Huwag kumuha ni isang karayom o hibla ng sinulid mula sa masa.
3. Ibigay sa kinauukulan ang lahat ng nasamsam.

Ang **Walong Puntong Dapat Tandaan** ay:

1. Magsalita nang magalang.
2. Magbayad nang tama para sa binili.
3. Isauli ang lahat ng hiniram.
4. Magbayad para sa anumang nasira.
5. Huwag manakit o magmura sa masa.
6. Huwag manira ng pananim.
7. Igalang ang kababaihan.
8. Huwag pagmalupitan ang mga bihag.

Ang lahat ng paglabag sa mga nabanggit ay gagawaran ng karampatang aksyong pandisiplina.

### *9. Ano ang demokrasya sa tatlong larangan?*

Kaakibat ng mulat na disiplinang bakal, ipinatutupad ang demokrasya sa tatlong larangan upang ang demokrasya ay lubusang makamit ng mga Pulang mandirigma at maging batayan ng praktikal at kongkretong paggamit ng MLM:

**Demokrasya sa larangan ng pulitika** - may karapatan ang mga kawal na magdaos ng mga pulong at malayang magsalita tungkol sa anumang mahalagang paksa, usapin at suliraning kinakaharap nila kaugnay ng kanilang pagkilos.

**Demokrasya sa larangan ng ekonomya** - may pantay na kalayaang materyal ang mga pinuno at kawal, tulad ng pantay na panggastos at rasyon. May karapatan ang mga kawal na maghalal ng kanilang mga kinatawan upang tulungan ang pamunuan ng hukbo sa pangangasiwa sa kanilang kalagayang materyal. Ang lahat ng pinuno at kawal ay may karapatang magsuri ng mga kwenta sa lahat ng oras.

**Demokrasya sa larangang militar** - ang mga pinuno ay nagtuturo sa mga kawal; ang mga kawal ay nagtuturo sa mga pinuno; at ang mga kawal ay nagtuturo sa isa't isa sa mga paraan at teknika ng pakikibaka. Hangga't maaari, nagdaraos ng mga pulong bago at matapos ang mga labanan upang maitaas ang kakayanan sa pakikibaka.

Pinatitingkad ang pamumuna at pagpuna-sa-sarili upang itaas ang bisa sa pulitika at pakikibaka ng BHB.

Sa ugnayan ng mga pinuno at kawal, ganap na ipinagbabawal ang mga burges at pyudal na gawi tulad ng pang-aapi. Pinauunlad ang pinakamahusay na ugnayan ng mga pinuno at kawal sa loob ng hukbo upang ang buong hukbo ay magabayan tungo sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng pinakamahusay na pakikipag-ugnayan sa masa.

### *10. Sino ang maaaring maging Pulang mandirigma at paano sumapi sa BHB?*

Sinumang mahusay ang pangangatawan, di bababa sa 18 taong gulang, anuman ang kasarian, lipi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang

lumaban at handang lumahok sa matagalang armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado ay maaaring maging kasapi ng isang panlabang pangkat ng BHB.

Ang mga lokal na komite ng Partido, mga sandatahang yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ay magkukusa sa pagtanggap ng mga indibidwal at kolektibong kahilingan sa pagsapi sa BHB at magrerekomenda ng mga rereklutahing mandirigma.

Gagawa ang BHB ng regular na pagsusuri sa uring pinagmulan, pagtupad sa tungkulin at kapasyahang lumaban ng lahat ng mandirigma nito upang patuloy na mapataas ang kanilang rebolusyonaryong katangiang proletaryo.

### *11. Ano ang pangunahing tungkulin ng BHB sa kasalukuyan? Paano tinitiyak ng BHB ang wasto at matagumpay na pagsusulong nito?*

Ang pangunahing tungkulin ng BHB sa kasalukuyan ay durugin ang kontrarebolusyonaryong AFP at isulong ang matagalang digmang bayan tungo sa tagumpay. Hindi ito dapat humiwalay kailanman sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka hangga't namamayani pa sa lipunang Pilipino ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Dapat mahigpit na ipatupad ng hukbong bayan ang estratehikong prinsipyo ng pagkubkob sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga base sa kanayunan at pagsulong nang parang alon mula sa mga ito. Sa pagkakaroon lamang ng matatatag na base sa kanayunan maaaring maglunsad ang BHB ng matagalang digmang bayan (MDB).

Sa kasalukuyang yugto ng DRB, kailangang mahigpit na tanganan ng BHB ang prinsipyo ng pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Kaakibat nito, kailangang patuloy na ipatupad ng BHB ang gawaing masa, gawaing pangkultura at gawaing produksyon habang nagpupunyagi ito sa paglulunsad ng mas marami, mas madalas at mas malalaking taktikal na opensiba. Kailangang ilunsad ang mga taktikal na opensiba upang pukawin ang mamamayan para sa rebolusyonaryong paglaban, makapagparami ng armas, ipagtanggol ang demokratikong

kapangyarihan ng mamamayan at papanghinain at wasakin ang kapangyarihang pampulitika ng kaaway.

### *12. Ano ang milisyang bayan?*

Ang milisyang bayan ay mga partaym na yunit ng hukbo sa hanay ng masa na nagtatanggol sa lokalidad at tumatayo bilang bag-as ng sandatahang lakas ng bayan sa baryo, kasama ang mga pangkat sa depensa ng mga samahang masa. Sila ang balun na pinagkukunan ng mga pultaym na mandirigma ng BHB.

Ang mga pangunahing tungkulin ng milisyang bayan ay ang pangangalaga sa rebolusyonaryong kapayapaan, kaayusan at seguridad ng rebolusyonaryong pwersa sa baryo; ang tumulong sa mga plano't operasyon militar ng BHB batay sa iniaatas ng Partido o ng mas mataas na komand ng Hukbo at tumulong sa pagsasanay ng mga pangkat sa depensa ng mga samahang masa kaugnay sa pangmilitar at seguridad.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Patnubay para sa mga Kadre at Kasapi ng PKP*, Ikaapat na edisyon, 1977
2. *Mapulang Pagpupugay sa BHB,* Pahayag ni Armando Liwanag, Tagapangulo ng KS, PKP para sa ika-25 anibersaryo ng BHB
3. *Labanan ang Kaaway Hanggang sa Ganap na Tagumpay sa Bagong Demokratikong Rebolusyon!* Pahayag ni Armando Liwanag, Tagapangulo ng KS, PKP sa ika-30 anibersaryo ng BHB
4. *Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali*, Komite Sentral, PKP, 1992

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO ★ PKP-MLM ★